



# Ang pang-aabuso ay hindi tama sa anumang wika

Abuse is wrong in any language

La violence est inacceptable peu importe la langue

虐待是有悖文明的恶行

El abuso es condenable en cualquier idioma

ਦੁਰਵਿਵਹਾਰ ਕਿਸੇ ਵੀ ਬੋਲੀ ਵਿੱਚ ਨਜ਼ਾਇਜ਼ ਹੈ

Az erőzak minden nyelven helytelen

Zlostavljanje je zločin na svim jezicima

Violența este inacceptabilă în orice limbă

Keqtrajtimi eshte i padrejte Ne te gjitha gjuhët e botes

Týrání je nepřijatelné v každém jazyce

Xadgudbku waa khalad luqad kastaba ha ahaatee

Kunyanyaswa si mazuri katika kila lugha

ማኅሳቆል በማንኛውም ቋንቋ ስህተት ነው

العنف ممنوع في جميع اللغات

虐待是有悖文明的恶行。



## Canadian Cataloguing sa Publication Data

Pangunahing entry sa ilalim ng pamagat na:

Abuse is wrong in any language (Ang pang-aabuso ay hindi tama sa anumang wika)

Inisyu rin sa Pranses sa pamagat na:

La violence est inacceptable peu importe la langue

ISBN 978-0-662-03033-1

Cat. no J2-131/2008T1

1. Wife abuse – Canada
2. Women immigrants – Crimes against – Canada
3. Canada. Department of Justice

HV6626.23C3A38 1995 362.829'2'0971 C95-980093-X

Ito'y isang Public Legal Education and Information na proyekto na ginawa sa ilalim ng Family Violence Initiative ng Department of Justice.

Nilathala sa kapangyarihan ng Minister of Justice at Attorney General ng Canada

ng

Department of Justice Canada

Ottawa, Ontario

K1A 0H8

©Minister of Public Works and Government Services Canada  
2008

Nilimbag sa Canada

Maaari mong i-photocopy ang buklet na ito nang walang permiso ng Department of Justice sa kondisyon na ang materyal ay wastung-wastong kinopya at babanggitin ang pinagkuhanan ng impormasyon. Kinakailangan ang nakasulat na permiso ng Department upang magamit ang materyal para sa anumang ibang format.

(Tagalog)

## Mga Nilalaman

Mga Pasasalamat .....	2
Tungkol sa buklet na ito.....	2
Ano ang pang-aabuso?.....	3
May makukuhang tulong.....	5
Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon? .....	6
Hindi ka nag-iisa .....	6
Hindi mo ito kasalanan.....	6
Ang iyong mga anak ay nangangailangan ng proteksyon .....	7
Mas mabuti bang manatili o umalis?.....	8
Paano kung nagpasiya kang manatili? .....	9
Paano ang custody sa iyong mga anak? .....	10
Kung umalis ka sa isang mapang-abusong sitwasyon, paaalisin ka ba sa Canada? .....	11
Kung hinintô ang sponsorship sa iyo, paaalisin ka ba sa Canada? .....	12
Anong uri ng tulong ang makukuha? .....	12
Ano ang mangyayari kung...?.....	13
Ang pisikal na pang-aabuso ay hindi ang kaisa-isang uri ng pang-aabuso .....	15
Kung ikaw ay inabuso .....	15
Mga gamit na kailangan mong dalhin kung ikaw ay aalis .....	16
Mga ginamit na salita sa buklet na ito.....	17
Listahan ng Mapagkukunan ng Tulong sa Komunidad.....	19

## Mga Pasasalamat

Nais pasalamatan ng Department of Justice ang Public Legal Education and Information Service ng New Brunswick para sa pagpapahintulot nito na gamitin namin ang kanilang draft publication bilang batayan ng buklet na ito.

Nais din pasalamatan ng Department of Justice ang kontribusyon ng PLEI Network; ang mga kasamahan sa mga Department of Justice and Attorneys General ng mga province at territory; Citizenship and Immigration Canada; ang Department of Canadian Heritage; Health Canada; Human Resources Development Canada; Solicitor General Canada; at ang Status of Women Canada. (Ang mga pangalan ng Department ng N.B. ay inilista sa panahon ng kanilang kontribusyon.)

Idinebelop ang booklet na ito nang may pagkonsulta sa mga miyembro ng ethno-cultural na mga grupo at mga grupo ng komunidad sa buong Canada. Ikinalulugod namin ang tulong ng lahat na nakibahagi sa prosesong ito, at pinasasalamat namin sila para sa kanilang mahalagang kontribusyon.

## Tungkol sa buklet na ito

Ang buklet na ito ay para sa mga imigrante at refugee na babae na dumaranas ng pang-aabuso sa isang relasyon o sa isang pamilya. Kung may kilala kang taong inaabuso, ibigay ang buklet na ito sa kanya. Tanungin siya kung kailangan niya ng tulong. Maaaring kailangan niya ang iyong suporta. Ipaalam sa kanya na hindi siya nag-iisa.

Bagama't ang buklet na ito ay isinulat para sa mga imigrante at refugee na babae, kapwà hindi tama na abusuhin ang isang lalaki. Ang sinumang dumaranas ng pang-aabuso ay hinihikayat na humingi ng tulong.

### *Sa Bumábasá*

Bilang isang imigranteng babae o refugee, maaaring maramdaman mo ang pag-iisa. Maaaring nahihirapan kang makipag-usap sa mga tao. Kung ikaw ay inaabuso, maaaring natatakot ka para sa iyong sarili o sa iyong mga anak.

Maaaring kailangan mo ng karagdagang kalaaman tungkol sa batas sa Canada, sa iyong mga karapatan, at sa uri ng tulong na maaari mong makuha kung ikaw ay inaabuso.

## Ano ang pang-aabuso?

Ikaw ay inabuso kapag sinaktan ka ng ibang tao o trinato ka niya nang hindi mabuti.

Ang pang-aabuso ay maaaring pisikal, sekswal, emosyonal, sikolohikal o pinansiyal. Maaaring dumaranas ka ng higit pa sa isang uri ng pang-aabuso.

Karaniwan, ang nang-aabuso ay isang asawa, dating asawa, kapareha o dating kapareha. Minsan, ang nang-aabuso ay isang miyembro ng iyong pamilya o ang pamilya ng iyong asawa o kapareha. Ang nang-aabuso ay maaaring lalaki o babae.

Ang mga halimbawa ng **pisikal na pang-aabuso** ay:

- pambubugbog
- pangungurot
- pananampal
- panunulak
- panununtok
- paninipa
- panununog
- pamamaril
- pananaksak o panghihiwa

Ang mga halimbawa ng ganitong assault ay mga krimen sa Canada.

## Sa isang emergency

Tawagan ang pulis o tumawag sa isang kaibigan kung may pagkakataon ka.

Tumakbo palabas nang sa gayon ay makikita ka ng ibang tao (maliban na lamang kung sa palagay mo na mas ligtas ka sa loob).

Sumigaw – hayaang marinig ng mga kapitbahay nang sa gayon ay makatawag sila ng pulis.

Ang **sekswal na pang-aabuso** ay sekswal na panghihiyo o sekswal na aktibidad na hindi mo pinahintulutan.

Ito rin ay isang krimen sa Canada.

Maaaring kabilang sa **emosyonal o sikohohikal na pang-aabuso** ang:

- mga pananakot na saktán ka o ang isang kakilala mo
- paninira ng iyong mga gamit o pananakit sa iyong mga alagang hayop o pananakot na gagawin ito
- lihim na pagsubaybáy sa iyo (criminal harrassment o kriminal na pangliligalig)

Ito ay mga krimen sa Canada.

Ang ilang mga halimbawa ng **pinansiyal na pang-aabuso** ay:

- pagkuha ng iyong pay cheque
- pagkakait ng pera sa iyo nang sa gayon ay wala kang kakayahan bayaran ang mga bagay na kailangan mo o ng iyong mga anak, tulad ng pagkain, tirahan o pagpapagamót

Ito ay mga krimen sa Canada.

Ang ibang mga anyô ng pang-aabuso ay maaaring hindi krimen, ngunit ang mga ito ay hindi pa rin tama, at walang karapatan ang sinuman na gawin ang mga bagay na ito sa iyo. Ang ilan sa mga halimbawa ay:

- panghihiya sa iyo
- pang-iinsulto sa iyo
- hindi pagpansin sa iyo
- paninigaw sa iyo
- pagbastos sa iyo
- inilalayo ka mula sa iyong mga kaibigan at pamilya
- pagdidikta sa iyo kung ano ang maaari at hindi mo maaaring gawin, kung saan ka maaaring pumunta at kung sino ang maaari mong makasama
- ayaw ka bigyan ng anumang pera

## May makukuhang tulong

Mayroong mga tao na maaaring makatulong sa iyo.

Tumawag sa isang multicultural association o sa isang grupo na naglilingkod sa mga imigrante o sa mga refugee. Alamin kung anong tulong ang maibibigay nila. Tanungin sila kung saan ka pa maaaring tumawag o pumunta para makakuha ng tulong.

Tumawag sa pulis. Proprotektahan ka nila at ang iyong mga anak.

Maaari ka rin makakuha ng

- pagpapayo at counselling
- isang ligtas na lugar na titirahan
- pinansiyal na tulong
- legal na tulong, na maaaring walang bayad
- tulong upang makaalis – maaari kang pumunta sa korte upang hilingin ang custody para sa iyong mga anak, pinansiyal na suporta, o diborsyo
- isang peace bond mula sa criminal court
- isang utos mula sa isang civil o family court

Maaari ka rin makakuha ng tulong kung nagpasiya kang manatili.

## Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- sa mga women's shelter (halimbawa, YWCA)
- sa pulis
- sa opisina ng Crown attorney
- sa mga ospital
- sa mga multicultural na asosasyon
- women's centres
- mga teleponong matatawagan kapag may krisis
- mga asosasyon na nagtuturo at nagbibigay-edukasyon sa publiko tungkol sa batas
- mga referral na serbisyo ng abogado
- mga opisina ng legal aid
- isang doktor o nars sa pampublikong kalusugan
- isang social worker

## Hindi ka nag-iisa


Ang pang-aabuso ay nangyayari sa lahat ng uri ng pamilya. Ito ay nangyayari sa mga mamamayan ng Canada at sa mga imigrante. Ito ay nangyayari sa mga babae na mayroon o walang mga anak, sa mga mayayaman o mahihirap, sa mga propesyonal at mga ina na nananatili sa tahanan, sa mga bata at sa mga matatanda. Ito ay nangyayari sa mga babae anuman ang pinanggalingan, relihiyon, lahi, kultura at etnikong pinagmulan. Ang pang-aabuso ay maaaring mangyari sa kahit anong antas ng pakikipag-relasyon.

## Hindi mo ito kasalanan

Maaaring mahirap pag-usapan ang pang-aabuso. Marami sa mga babae na inaabuso ang nahihiya o natatakot na hindi sila paniniwalaan ng kanilang pamilya at mga kaibigan. Ngunit tandaan – walang anuman sa ginagawa mo ang nagbibigay ng karapatan sa sinuman na abusuhin ka. Walang dahilan para sa pang-aabuso. Hindi mo ito kasalanan.



Alam ng maraming babae na may cycle ang pang-aabuso. Ang tension ay naiipon hanggang kumilos nang marahas ang nang-aabuso. Pagkatapos “pumutok ang galit” o pagkatapos ng karahasán, may panahon ng pagiging kalmado o tahimik. Ang nang-aabuso ay maaaring humingi ng tawad at maaaring mangako na hindi na ito mauulit muli. Gayunman, maiipon na naman ang tension at ang nang-aabuso ay maaaring maging marahas muli. Ang cycle ng pang-aabuso ay magpapatuloy.



### **Ang iyong mga anak ay nangangailangan ng proteksyon**

Napakahirap para sa mga anak na makita o marinig ang isang magulang na inaabuso. Maaari nito maapektohan ang kilos, pisikal at pangkaisipang kalusugan, pagpapahalaga sa sarili, at kahusayan ng bata sa eskwelahan. Maaari rin nitong maapektohan kung paano makihalubilo ang bata sa iba. Ang mga batang lalaki na nakakakita ng pang-aabuso sa kanilang mga pamilya ay maaaring mas malamáng na mang-abuso sa kanilang sariling asawa o kapareha paglaki nila. Mas malamáng para sa mga batang babae na tanggapin ang pang-aabuso bilang isang katotohanan ng kanilang mga relasyon paglaki nila.

Bilang isang magulang, dahil sa pagiging isang biktima ng pang-aabuso, maaari ring mas mahirap para sa iyo na alagaan ang iyong mga sariling anak. Maaaring matutunan ng mga bata mula sa pagmamasid sa nang-aabuso na hindi nila kailangan maging magalang sa iyo. Ang pang-aabuso ay maaari rin labis na makapanghina sa iyo, at sa gayon ay mababawasan ang iyong lakas para sa iyong mga anak.

Kung inaabuso rin ng nang-aabuso ang iyong mga anak, dapat kang humingi ng tulong para sa kanila. Ang pang-aabuso sa bata ay labag din sa batas. Maaari kang pumunta sa isang child welfare agency o family services agency para sa payo, tulong o kaya counselling. Ang mga bata ay kailangang protektahan mula sa pang-aabuso.

## **Mas mabuti bang manatili o umalis?**

Dapat mo munang isipin ang iyong kaligtasan at ang kaligtasan ng iyong mga anak. Maaaring natatakot ka na hindi ka susuportahan ng iyong pamilya at mga kaibigan kapag ikaw ay umalis. Ito ay maaaring mangyari. Ngunit kung mangyari man ito, maaaring mas mabuti para sa iyo at sa iyong mga anak na umalis kaysa patuloy na magdusa sa pang-aabuso.

Kung gusto mo ay maaari kang umalis nang pansamantala o permanente. Ang alinman sa gagawin mo ay hindi nangangahulugang kailangan mong makipaghiwalay o tapusin ang iyong relasyon. Sa paggawa mo ng desisyon, tanungin mo ang iyong sarili:

- Gaano kadelikado ang manatili?
- Sinaktan ka ba ng nang-aabuso kailanman?
- Gumamit ba ang nang-aabuso kailanman ng isang sandata, tulad ng kutsilyo o patpat upang saktan ka?
- Mayroon bang baril sa bahay?
- Gumagamit ba ang nang-aabuso ng mga ipinagbabawal na gamot o labis ba siyang umiinom ng alak?

## Paano kung nagpasiya kang manatili?

Maaaring mapagpasiyahan mo na mas mabuti sa iyo na manatili.

Kung ikaw ay may pinsala, dapat ka pa rin magpagamot. Hindi mo kailangang sabihin kaninuman kung sino ang nagdulot ng mga pinsala. Ngunit mas makakabuti sa iyong paggamot kung sasabihin mo sa iyong doktor kung ano talaga ang nangyari.

Ang magtago ng listahan o ng isang diary tungkol sa iyong mga pinsala at ang mga panahon kung kailan ka inabuso ay maaaring makatulong kung nagpasiya kang umalis sa ibang panahon. Mabuti ang magkaroon ng nakahandang plano kung sakaling kailangan mong umalis kaagad.

Ang mga unang pahina ng direktoryo ay maaaring may mga numero ng pulis at ibang mga serbisyo sa emergency. Mabuti ang malaman ang numero ng pulis kung sakaling kailanganin mo ang kanilang tulong. Kung emergency, maaari ka rin tumawag sa 911.

Mag-ipon ng impormasyon, tulad ng mga address at telepono ng mga taong maaaring tumulong sa iyo. Mag-ipon ng kaunting pera kung kaya mo.

Subukang gawin ang mga bagay na nakapagpapasaya sa iyo. Maaaring makakuha ka ng counselling o matuto ka ng mga bagong skills sa trabaho. Maghanap ng mga kaibigan at mga kapamilya na tutulong sa iyo.

Kung nais magbago ng nang-aabuso, maaari siyang kumuha ng counselling. Ang ilang mga nang-aabuso ay natutong magbago nang may pangmatagalang tulong. Ngunit maaaring mahirapan nang husto na magbago ang mga taong may marahas na nakaraan. Karaniwan ay lumalalâ ang pang-aabuso sa katagalan ng panahon.


## Paano ang custody sa iyong mga anak?

Kung ikaw ay umalis sa isang mapang-abusong sitwasyon, maaari ka pa rin mag-aplay para sa custody ng iyong mga anak.

Kung sa palagay mo ay maaaring nasa peligro ang iyong mga anak, isama sila kapag ikaw ay umalis. Kaagad na mag-aplay sa korte para sa isang custody order. Maaari kang matulungan ng isang abogado. Maaari ka rin tulungan ng abogado na hilingin sa korte ang isang kautusan para sa ama ng iyong mga anak na magbigay ng pinansiyal na suporta sa iyo at sa iyong mga anak. Iabatay ng korte ang kanilang pagpapasiya sa kung ano ang pinakamabuti para sa mga bata.

Kung nakuha mo ang custody para sa mga bata, malamang na maaari silang bisitahin ng kanilang ama. Maigi ang kumuha ng ibang tao na pupunta sa iyo kapag sinundo at ibinalik ng ama ang mga bata. Kung nag-aalala ka tungkol sa kaligtasan ng iyong mga anak, maaaring humiling ang iyong abogado sa korte ng isang kautusan na magsasabing dapat may taong magbabantay sa mga pagbisita.

Sabihin sa iyong abogado kung sa palagay mo'y susubukan ng ama ng iyong mga anak o ng ibang tao na dalhin ang mga bata sa labas ng bansa. Kung iyong hihilingin, maaaring ipag-utos ng korte na itago nito ang mga passport ng mga bata.

Kung ang iyong mga anak ay mga mamamayan ng Canada, tumawag sa Passport Office sa 1-800-567-6868 o sa  TTY services sa 1-866-255-7655. Hilingin sa kanilang ilagay ang mga pangalan ng mga bata sa listahan nang sa gayon ay maaari kang tawagan kung may sinumang nagsubok na kuhanan sila ng passport. Kung iba ang nasyonalidad ng iyong mga anak, tawagan ang embahada o konsulado na iyon upang hilingin na tanggihang magbigay ng mga passport para sa iyong mga anak.

Kung ikaw ay mayroon ng utos galing sa korte, maigi ang magtago ng sarili mong kopya, kung sakaling magkaroon ng problema. Maaari ka rin magbigay ng kopya sa eskwelahan ng iyong mga anak.

## **Kung umalis ka sa isang mapang-abusong sitwasyon, paaalisin ka ba sa Canada?**

Kung ikaw ay Canadian citizen o permanent resident, hindi ka maaaring paalisin sa Canada dahil sa pag-alis sa isang mapang-abusong sitwasyon. (Ang permanenteng residente ay tinatawag minsan na landed immigrant.) Kung hindi mo alam kung ikaw ay isang Canadian citizen o permanent resident tawagan ang tanggapan ng Citizenship sa iyong lugar. Tingnan ang blue pages ng direktoryo sa ilalim ng Citizenship and Immigration.

Kung napag-alaman ná na ikaw ay isang refugee o isang taong nangangailangan ng proteksyon, maaari kang sariling mag-aplay upang maging permanent resident. Kung ikaw ay dependent ng isang refugee o isang taong nangangailangan ng proteksyon na kasalukuyang nag-aaplay para sa permanent residence para sa inyong dalawa, maaari niyang bawiin ang aplikasyon. Sa kasong ito, maaari kang mag-aplay para sa permanent residence para sa tinatawag na humanitarian at compassionate grounds (awa dahil sa sitwasyon). Kakailanganin mong ipahayag kung bakit kailangan mong manatili sa Canada, at walang garantiya na maaaring makukuha mo ito.

Kung ikaw ay gumawa ng claim para sa proteksyon ng refugee na kasama sa claim ng iyong nang-aabuso, maaari mong hiligin na ihiwalay ang iyong claim. Sa gayon ay magkakaroon ka ng iyong sariling hearing (pandinig) at makakatanggap ka ng iyong sariling desisyon.

Maigi ang kumuha ka ng pagpapayong legal. Kung may babayaran kang tao upang tumulong sa iyo, dapat ito ay isang abogado, law student na pinamamahalaan ng isang abogado, isang miyembro ng Chambre des notaires du Québec, o kaya isang miyembro ng Canadian Society of Immigration Consultants. Tumawag sa Canada Immigration Centre sa inyong lugar para makakuha ng karagdagang impormasyon. Tingnan ang blue pages sa ilalim ng Citizenship and Immigration.

## **Kung hinintô ang sponsorship sa iyo, paaalisin ka ba sa Canada?**

Bilang isang sponsored immigrant, hindi ka paaalisin sa Canada dahil lamang hinintô ang iyong sponsorship. (Tingnan din ang Financial Assistance o Pinansiyal na Tulong sa pahina 13.)

## **Anong uri ng tulong ang makukuha?**

### **Sa pulis**

Maaari kang tumawag sa pulis kung nilusob ka ng nang-aabuso o nanakot siya na gagawin niya ito. May darating na pulis upang tumulong. Karamihan sa mga opisyal na pulis ay may training para sa pang-aabuso sa mga pamilya at sa mga relasyon. Maaari ka nilang dalhin sa ospital kung kailangan mo ng paggamot, o maari ka nilang tulungang makaalis nang ligtas.

### **Women's shelters**

Maaari kang pumunta sa isang shelter kung mayroon nito sa iyong lugar. Ito ay ligtas na lugar kung saan pwede ka at ang iyong mga anak manatili nang ilang mga araw o linggo. Depende sa iyong pinansiyal na katayuan, maaaring hilingin sa iyong bayaran ang bahagi ng panahon na naroroon ka.

Ang tauhan at mga nagboboluntaryo sa shelter ay magbibigay sa iyo ng suporta at impormasyon. Matutulungan ka nilang kumuha ng legal na pagpapayo, pinansiyal na tulong at bagong lugar na matitirhan, kung ito ang nais mo. Mayroon din silang pagkain, damit, mga diaper at mga laruan, kung sakaling wala kang oras mag-impake. Hindi nila sasabihin sa nang-aabuso kung nasaan ka.

Ang mga shelter ay pinapatakbo ng mga grupo sa komunidad. Karaniwang nakalista ang kanilang mga telepono sa unang ilang mga pahina ng direktoryo kasama ng iba pang mga numero sa emergency. Maaari ka rin tumawag sa shelter para humingi ng payô. Hindi mo man kailangan sabihin sa kanila ang iyong pangalan.

## **Pinansiyal na tulong**

Maaaring kailangan mo ng welfare o pinansiyal na tulong. Kung ikaw ay isang permanent resident o citizen, ikaw ay kwalipikadong mag-aplay para sa welfare o sa ibang pinansiyal na tulong. Kung hindi, maaari ka pa rin mag-aplay, depende sa kung saan ka naninirahan. Ang mga province at mga territory ay may iba't-ibang patakaran tungkol sa pinansiyal na tulong. Tumawag sa opisina ng gobyerno ng province o territory para sa payô.

Kung ikaw ay isang sponsored immigrant, dapat ang iyong isponsor ang iyong unang pagkukunan ng pondo, ngunit kung hinintô ang iyong sponsorship, maaaring makakuha ka ng pinansiyal na tulong sa gobyerno.

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng pinansiyal na tulong bilang Government-Assisted Refugee o Privately Sponsored Refugee, hindi kakanselahin ang iyong assistance o tulong dahil umalis ka sa isang mapang-abusong sitawasyon. Hangga't ikaw ay kwalipikado, patuloy na ibibigay ng alinman sa gobyerno o isang pribadong sponsoring group ang iyong mga pangangailangan. Tawagan ang Canada Immigration Center sa iyong lugar, ang iyong private sponsor o service providing agency upang alamin ang iyong mga karapatan at makuha ang tulong na iyong kailangan.

Kapag nagpunta ka sa korte para mag-aplay para sa custody o kumuha ng divorce, maaari mong hilingin sa korte na iutos sa ama ng iyong anak na magbigay ng pinansiyal na suporta sa iyo at sa mga bata.

## **Ano ang mangyayari kung...?**

### **Ano ang mangyayari kung inireport mo ang nang-aabuso?**

Kung ang pulis ay may dahilan upang paniwalaan na ikaw ay binubugbog, maaaring patawan ng krimen ang nang-aabuso. Kailangan mong ilahad sa pulis ang pang-aabuso. Maaari rin arestuhin ng pulis ang nang-aabuso, kung sa palagay nila na may dahilan upang gawin ito.

Kung inaresto ang nang-aabuso, maaaring manatili siya sa bilangguan nang ilang oras lamang hanggang siya ay humarap sa korte sa bail hearing. Pagkatapos ay maaari siyang pahintulatang lumaya, maliban kung nagpasiya ang korte na may sapat na dahilan upang manatili siya sa bilangguan.

Kung natatakot ka dahil sa palagay mo'y hindi ka ligtas, sabihin sa pulis bago pa man palayain ang nang-aabuso. Maaaring magtakda ang korte ng mga kondisyon para sa pagpapalaya sa kanya. Halimbawa, maaaring ipag-utos ng korte na ang nang-aabuso ay hindi dapat tumawag o makipagkita sa iyo. Kung hindi sinunod ng nang-aabuso ang mga kondisyon, maaari siyang arestuhin muli ng pulis.

Kung natatakot ka na sasaktan ka niya kapag siya ay napalaya, maigi ang maghanap ng ligtas na lugar na titirhan, tulad ng women's shelter.

### **Ano ang mangyayari kung nahatulan ng pulis ang nang-aabuso?**

Kung inamin ng nang-aabuso na siya'y nagkasala sa pagbugbog sa iyo o sa iyong mga anak, siya ay hahatulan ng korte. Ang hatol ay maaaring isang multa, probation, panahon sa bilangguan, o isang kombinasyon ng mga bagay na ito. Ang nang-aabuso ay maaaring pakuhanin ng counselling bilang bahagi ng probation. Ang pagsentensiya na mabilanggo o hindi ay magdedepende sa ilang mga factor tulad ng kung ito ay ang unang beses ng pagkakasala o hindi at kung gaano kalubha ang pang-aabuso. Kung ikaw ay natatakot, sabihin sa Crown attorney. Kung nakakuha siya ng probation, posibleng makapagtakda ang korte ng mga kondisyon para sa kanyang paglaya.

Kung sinabi ng nang-aabuso na wala siyang kasalanan, kailangan mong tumestigo sa kanyang trial (pagsusubok). Maaari kang pahintulatang ibigay ang iyong testigo sa likod ng isang screen o mula sa ibang silid na may closed-circuit television nang sa gayon ay hindi mo kailangang makita ang nang-aabuso. Maaari ka rin magkaroon ng isang taong magbibigay-suporta sa iyo sa tabi mo habang nagti-testigo ka upang mas mapanatag ka.



Maaaring magtagal nang ilang buwan bago magsimula ang trial. Kung napatunayan ng korte na may sala ang nang-aabuso, siya ay papatawan ng kaukulang parusa. Maaari kang magtanong sa Crown attorney tungkol sa mga serbisyo sa biktima ng iyong province o territory na makakatulong sa iyo at magpapaliwanag sa proseso ng korte.

### **Paaalisin ba ang nang-aabuso sa Canada?**

Kung ang nang-aabuso ay isang Canadian citizen, hindi siya maaaring paalisin sa Canada. Kung ang nang-aabuso ay isang refugee o isang permanent resident, maaari siyang paalisin kung hinatulan siya ng assault ng korte o iba pang kriminal na pagkakasala. Ang removal order o ang utos na pagpapaalis ay ibibigay sa immigration hearing (pandinig sa immigration) na gagawin pagkatapos ng paghatol. Gayunman, ang proseso ng pagpapaalis ay maaring magtagal.

### **Ang pisikal na pang-aabuso ay hindi ang kaisa-isang uri ng pang-aabuso**

- Madalas ka bang nakikitaan ng nang-aabuso ng pagkakamali o sinasabi ba niyang wala kang kwenta?
- Pinipigilan ka ba ng nang-aabuso na magkaroon ng sarili mong mga kaibigan?
- Pinipigilan ka ba ng nang-aabuso na makipagkita sa iyong pamilya?
- Pinipigilan ka ba ng nang-aabuso na lumabas ng bahay?
- Natatakot ka ba sa nang-aabuso dahil sa mga sinasabi niya?

### **Kung ikaw ay inabuso**

- Hindi ka nag-iisa.
- Hindi mo ito kasalanan.
- Maaari kang kumuha ng tulong.
- Kailangan mong protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga anak.

## Mga gamit na kailangan mong dalhin kung ikaw ay aalis

Kung emergency, umalis kaagad, kung maaari. Huwag humintô upang kunin ang mga bagay na nasa listahang ito – basta umalis kaagad. Ngunit kung may panahon ka, subukang dalhin ang pinaka-marami sa mga ito na makakaya mo.

- mga mahahalagang dokumento, tulad ng sertipiko ng kapanganakan, mga passport, mga papeles sa citizenship, mga papeles sa immigration, mga papeles sa custody ng bata, mga kautusan sa korte (tulad ng peace bond), mga health card, ang iyong social insurance card, at ang social insurance number ng iyong asawa o partner.
- pera, mga credit card
- cheque book, bank book, mga savings bond
- personal na listahan ng mga telepono at address
- gamot
- mga susi sa bahay
- lisensiya sa pagmamaneho at mga susi ng sasakyan
- mga paboritong laruan ng iyong mga anak
- damit para sa ilang mg araw
- mahahalagang alahas

Kung iniisip mong umalis, maigi ang pagsama-samahin ang ilan sa mga bagay na ito at ilagay ang mga ito sa isang ligtas na lugar, kung sakaling magpasiya kang umalis kaagad.

## **Mga ginamit na salita sa buklet na ito**

### **assault**

Ang assault ay nangyayari kapag ang isang tao ay gumamit ng dahas o pananakot ng dahas sa isang tao nang walang pahintulot ng taong iyon. (Ang pahintulot na sapilitan o ibinigay dahil sa takot ay hindi totoong pahintulot.)

### **bail hearing**

Ito ay isang proseso ng korte na nangyayari pagkatapos arestuhin at hatulan ang isang tao. Nasa pagpapasiya ng korte kung ang tao ay dapat palayain nang may mga kondisyon, tulad ng pagsasabi na hindi ka niya dapat tawagan, o kaya manatili sa bilangguan hanggang makapagpasiya ang korte tungkol sa mga hatol.

### **criminal harassment**

Kung natatakot ka dahil may isang taong paulit-ulit na sumusunod o tumatawag sa iyo, o nagmamanman sa iyo, o kaya kumikilos nang may pananakot sa iyo o sa iyong mga anak, siya ay gumagawa ng pagkakasala na tinatawag na criminal harassment. Ito ay minsang tinatawag na stalking.

### **Crown attorney**

Ito ang abogado na kumakatawan sa gobyerno. Ang Crown attorney ang nagpapahayag ng kaso sa korte kapag may nagawang krimen.

### **custody**

Kung nasa iyo ang custody para sa iyong mga anak, ikaw ay may legal na pananagutan para gumawa ng mga mahalagang desisyon tungkol sa pagpapalaki sa kanila at pag-aaral nila. Kapag nasa iyo ang custody, karaniwang nakatira ang mga bata sa iyo, ngunit malamang na bibisita sila sa kanilang ama.

## **legal na tulong**

Ang legal na tulong ay makukuha mula sa isang abogado o sa isang legal aid office, at sa ilang mga sitwasyon, ito ay maaaring libre. Tumawag sa isang lawyer-referral service, sa isang legal aid office, o kaya sa isang asosasyon na nagtuturo at nagbibigay-edukasyon sa publiko tungkol sa batas upang malaman kung saan ka maaaring kumuha ng legal na tulong at kung maaari kang makakuha ng libreng tulong.

## **utos mula sa civil o family court**

Kung natatakot ka na may mangyayari sa iyo, ngunit ayaw mong humingi ng tulong sa pulis, maaaring makakuha ka ng isang utos mula sa civil o family court na nagsasabi na dapat lumayô sa iyo ang nang-aabuso. Dapat kang kumuha ng legal na tulong upang malaman kung anong mga uri ng kautusan ng civil o family court ang maaaring makuha sa iyong province o territory.

## **peace bond**

Kung natatakot ka na may mangyayari sa iyo, maaaring makakuha ka ng peace bond. Ito ay isang utos ng criminal court na nagtatakdâ ng mga kondisyon sa iyong nang-aabuso. Halimbawa, maaaring ipagbawal sa nang-aabuso na makipagkita sa iyo, sumulat sa iyo, o tumawag sa iyo. Kung susuwayin niya ang kautusan, maaari siyang arestuhin ng pulis. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa peace bond, maaari kang magtanong sa isang abogado.

## **probation**

Ito ay isang kautusan sa criminal court na maaaring maging bahagi ng sentensiya sa isang nagkakasala. May mga nakatakdang kondisyon sa pagpapalaya ng isang tao na nasa probation, tulad ng pagkuha ng counselling.

## Listahan ng Mapagkukunan ng Tulong sa Komunidad

Maigi ang gumawa ng isang personal na listahan na mapagkukunan ng tulong sa komunidad. Maliban sa pulis, may mga iba't-ibang organisasyon at mga ahensiya na maaaring magbigay ng suporta o kapapaki-pakinabang na impormasyon. Tingnan ang white, yellow o blue pages ng iyong direktoryo para sa mga matatawagang numero ng mga sumusunod na lokal o provincial na ahensiya. (Siguraduhing up to date ang mga numerong ito, dahil maaaring silang magbago pana-panahon.)

### Mapagkukunan ng Tulong

### Numero ng Telepono

#### Pulis

Maaaring tumulong sa iyo na asesuhin ang iyong kaligtasan at kumilos laban sa taong gumagawa ng krimen.

**(911 kung may emergency)**

---

#### Mga asosasyon na nagtuturo at nagbibigay-edukasyon sa publiko tungkol sa batas

Makapagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa batas, sa legal system, at sa iyong mga karapatan bilang isang biktima.

---

#### Mga serbisyo sa biktima

Maaari kang i-refer sa counselling at makapagsasabi sa iyo kung ano ang mga programa at mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen.

---

#### Crisis lines

Maaaring makatulong kapag may krisis at maaaring makapagsabi sa iyo kung saan kukuha ng makakatulong na serbisyo.

---

#### Transition houses

Makapagbibigay ng shelter, impormasyon, at mga referral para sa mga babaeng biktima ng pang-aabuso ng asawa.

---

## **Mga opisina para sa mental health**

Makapagbibigay ng impormasyon o counselling tungkol sa depression, stress, at mga isyu sa mental health.

---

## **Mga organisasyon na nagsisilbi sa iba't-ibang kultura at sa mga imigrante**

Makapagbibigay ng impormasyon at maituturo sa iyo kung ano ang mga serbisyo na makakatulong.

---

## **Citizenship and Immigration Canada**

Makakasagot ng mga katanungan tungkol sa status at proseso ng imigrasyon, at makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa *Immigration and Refugee Protection Act*.

**1-888-242-2100**

---

## **Mga serbisyo sa legal aid**

Maaaring kwalipikado ka sa ilalim ng programa ng legal aid sa iyong province para sa libheng tulong sa mga isyu na may kinalaman sa iyong pamilya, imigrasyon, at sibil na batas.

---

## **Mga taong pinagkakatiwalaan ko**

Maaaring makapagbigay ng emosyonal at praktikal na suporta ang pamilya, mga kaibigan, doktor, o tagapayo sa relihiyon.

---

## **Iba pa**

Maghanap ng ibang mga mapagkukunan ng tulong! Halimbawa, maaaring makahanap ka ng tulong mula sa women's centre at sa community care centre sa iyong lugar, at sa iba pa.

---



